# Usapang BiOcon

Alamin natin ang natural na pamuksa sa peste gamit ang



# TRICHOGRAMMA WASP




For more info please scan:

CPMD Facebook page


CPMD Youtube Channel


CPMD Website

Bureau of Plant Industry
CROP PEST MANAGEMENT DIVISION
692, San Andres Street, Malate Manila



Usapang BiOcon
Inatake na naman ng mapaminsalang corn borer ang aking maisan.
Ano ang gagawin ko..
Oh No!
Yum!
Yum!


Usapang BiOcon
Pareng Cyril, bakit malungkot ka? Anong problema?
Inatake ng peste ang aking maisan..



Usapang BiOcon
Ito ang mga itlog ng corn borer na umaatake sa aking maisan.
Pareng Robert, Ano kaya ang mabisang pamuksa sa peste na ito?
Meron akong alam na mabisa at natural na pamuksa sa problema mo.



Usapang BiOcon
Alam mo ba?
Ang pag gamit ng Trichogramma ay isang natural at mabisang paraan para mabawasan ang populasyon ng mga peste.
Tara pag usapan natin!


Ang Trichogramma ay isang maliit na putakte, na siyang nangingitlog sa mga itlog ng peste.



Usapang BiOcon
Ang Trichogramma ay may tatlong uri na pwede natin gamiting pamuksa sa peste.
Trichogramma Wasp
Trichogramma japonicum
para sa mga uod na umaatake sa palay
Trichogramma chilonis
para sa mga uod na umaatake sa gulay
Trichogramma evanescens
para sa mga uod na umaatake sa mais



Usapang BiOcon
Ano ba ang Trichocards?
Ang Trichocards ay naglalaman ng mga "parasitized host eggs' gawa ng Trichogramma.



Usapang BiOcon
Saan ba makakakuha ng libreng Trichocards?
Maari kayong pumunta sa BPI - Crop Pest Management Division (BPI-CPMD)
o di kaya sa opisina ng DA - Regional Crop Protection Center (DA-RCPC) na malapit sa inyong lugar.
DEPARTMENT OF AGRICULTURE
BUREAU OF PLANT INDUSTRY
CROP PEST MANAGEMENT DIVISION



Usapang BiOcon
Paano ba ito gamitin?
Tupiin ang Trichocards bago ikabit/isabit para maiwasang mabasa kapag umulan.
Ikabit/isabit ang Trichocards sa pangatlo o pang apat na dahon ng inyong maisan.


Usapang BiOcon
Ito ang tamang paglagay ng Trichocards sa inyong taniman.
12 M
12 M
12 M
12 M
12 M
12 M
12 M
12 M
6 M


Usapang BiOcon
Ano ang wastong rekomendasyon sa pag gamit ng Trichocards.
Dalawang beses ang paglagay ng 140 pirasong Trichocards kada isang ektarya
Unang paglagay (70 Trichocards) :
Pang-apat na lingo pagkatapos itanim ang mais
Pangalawang paglagay (70 Trichocards) :
Pang-limang lingo pagkatapos itanim ang mais

Usapang BioCon

# Abangan sa susunod!

**Ano ba ang mangyayari sa maisan na nilagyan ng Trichogramma.**

